Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-10 NG MARSO, 2004, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............ | PANG.PUNONG BAYAN |
| Kgg. Florencio C. Odejar | | Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............ | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............ | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............ | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ............ | Kagawad – SK |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............ | Kagawad – ABC |

KAPASIYAHAN BLG. 074-T'04

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGBABAYAD NG HALAGANG TATLUMPUNG LIBO DALAWANG DAAN DALAWAMPU'T SIYAM NA PISO AT ANIMNAPUNG SENTIMOS (P30,229.60) NA MGA GASTUSING HINDI NABAYARAN NANG NAKARAANG TAONG 2003.*

*SAPAGKAT*, may kahilingan ang Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na mapasama sa taunang badyet 2004 ang mga gastusing hindi nabayaran nang nakaraang taon na umaabot sa P30,229.60 dahilan sa kakapusan ng pondo.

*SAPAGKAT*, kabilang sa mga bayariing ito ay ang PLEB (People's Law Enforcement Board) Honorarium nang buwan ng Disyembre, 2003 (P15,600.00) at mga gastusin ng mga kasapi nito sa paglalakbay (P1,400.00) sa kabuuang halagang P17,000.00; overtime pay ng limang (5) Municipal Treasurer's Office Market Collectors na may kabuuang halagang P13,229.60 sa saklaw na buwan ng Oktubre 30 at 31, 2003 (P4,120.80) at Disyembre, 2003 (P9,108.80)

*SAPAGKAT*, ang pondong pagkukunan ng mga bayaring ito ay magmumula sa kanya-kanyang tanggapan na kabilang dito ang PLEB na nasa Tanggapan ng Punong Bayan, at Tanggapan ng Pambayang Ingat-Yaman.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang sumusunod na :

KAUTUSAN SA PAGLALAAAN BLG. 06-T'04

*KAUTUSANG NAGPAPATIBAY NG PAGBABAYAD NG HALAGANG TATLUMPUNG LIBO DALAWANG DAAN DALAWAMPU'T SIYAM NA PISO AT ANIMNAPUNG SENTIMOS (P30,229.60) NA MGA GASTUSING HINDI NABAYARAN NANG NAKARAANG TAONG 2003*

*IPINAG-UUTOS* ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

*SEKSYON 1* – Ilaan ang halagang P30,229.60 na manggagaling sa pondo ng kanya-kanyang tanggapan sa taong ito na kabilang dito ang PLEB na nasa Tanggapan ng Punong Bayan (P17,000.00) at Tanggapan ng Pambayang Ingat-Yaman (P13,229.60) na ang detalye ng mga babayaran ay nakasaad sa itaas nito sa ikaaayos ng badyet sa taong ito

*SEKSYON 2* – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay

*PINAGPASIYAHAN PA RIN:* Na pagkalooban ng kapangyarihan ang Gumaganap na Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng pamamaraan sa pagliliwat at paglalaan ng *pondo batay sa mga patakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pag-aawdit at ayon sa* nilalayon ng kautusang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, *PLEB* at Pambayang Tagatuos *lahat* sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang *hakbang*.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

KGG. FLORENCIO Z. ODEJAR
Kagawad

KGG. LOUIE C. DE LEON
*Kagawad*

KGG. BERNARDO E. ISON
*Kagawad*

KGG. ROGELON F. PAMATMAT
*Kagawad*

KGG. EDGARDO T. PORCA
*Kagawad*

KGG. EUGENIO A. JAVIER, JR.
*Kagawad*

KGG. RICARDO B. RAMIREZ
*Kagawad*

KGG. PURITA P. SARMIENTO
*Kagawad*

KGG. MIKE JOMEL M. OMBICO
*Kagawad*

NAGPATOTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
*Tagapangulo*

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan